

	BROKENSHIRE COLLEGE TORIL, DAVAO CITY, INC. Purok Pagkakaisa, Lubogan, Toril Davao City		Raw Score	Percentage Score
Elementary Department SECOND TERM EXAMINATION SY: 2026--2027 MAKABANSA 2			40	

NAME: _____ **DATE:** Oct. 6, 2026
GRADE & SECTION: _____ **TEACHER:** Leah Mae G. Rebusa

I. Panuto: Isulat ang TAMA kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at MALI kung hindi.

- _____ 1. Ang kultura ay paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang komunidad.
- _____ 2. Ang tradisyon ay mga gawaing ipinasa ng mga nakatatanda sa mga kabataan.
- _____ 3. Ang pagkain, damit, at bahay ay mga halimbawa ng kulturang di-materyal.
- _____ 4. Ang pagmamano sa mga nakatatanda ay isang kaugaliang Pilipino.
- _____ 5. Ang wika ay kabilang sa kulturang materyal.
- _____ 6. Ang pagsasagawa ng pista ay isang halimbawa ng tradisyon.
- _____ 7. Ang mga kasuotan ay bahagi ng kulturang materyal.
- _____ 8. Hindi mahalaga ang paggalang sa kultura ng ibang tao.
- _____ 9. Ang mga paniniwala ay kabilang sa kulturang di-materyal.
- _____ 10. Ang bahay kubo ay isang halimbawa ng kulturang materyal.
- _____ 11. Ang pagdiriwang ng Pasko ay isang tradisyon ng maraming Pilipino.
- _____ 12. Ang kultura ay pare-pareho sa lahat ng komunidad.
- _____ 13. Ang mga awit at sayaw ay maaaring maging bahagi ng kulturang di-materyal.
- _____ 14. Ang pagtulong sa mga kapitbahay ay isang magandang kaugalian.
- _____ 15. Ang mga lumang kagamitan ay maaaring magpakita ng kultura ng mga ninuno.

II. Panuto: Basahin ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang.

- _____ 16. Ano ang tawag sa paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang komunidad?

A. Klima
B. Kultura

C. Panahon
D. Kapaligiran
- _____ 17. Ano ang tawag sa mga gawaing nakasanayan ng mga tao sa kanilang komunidad?

A. Kaugalian
B. Hanapbuhay

C. Kapaligiran
D. Kasuotan

- _____ 18. Alin sa mga sumusunod ang isang tradisyon ng mga Pilipino?
 A. Pagtatapon ng basura sa ilog
 B. Pagdiriwang ng Pasko
 C. Pagsira ng mga halaman
 D. Pag-aaway sa kapitbahay
- _____ 19. Alin ang nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda?
 A. Pagsigaw sa kanila
 B. Hindi pakikinig sa kanila
 C. Pagmamano sa kanila
 D. Pagtalikod sa kanila
- _____ 20. Alin ang nagpapakita ng magandang kaugalian?
 A. Pagsisinungaling
 B. Pang-aasar sa kapwa
 C. Pagtulong sa nangangailangan
 D. Pag-aaway sa kaibigan
- _____ 21. Ano ang dapat gawin kapag may ibang tradisyon ang iyong kaklase?
 A. Pagtawanan ito
 B. Iwasan siya
 C. Igalang ang kaniyang tradisyon
 D. Pilitin siyang baguhin ito
- _____ 22. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa kulturang materyal?
 A. Palayok
 B. Banig
 C. Paniniwala
 D. Barong Tagalog
- _____ 23. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng kulturang materyal?
 A. Paniniwala
 B. Wika
 C. Damit
 D. Paggalang
- _____ 24. Ang paggamit ng wikang Filipino ay halimbawa ng anong uri ng kultura?
 A. Kulturang materyal
 B. Kulturang di-materyal
 C. Likas na yaman
 D. Anyong lupa
- _____ 25. Alin ang halimbawa ng kulturang di-materyal?
 A. Sapatos
 B. Mesa
 C. Bahay
 D. Paniniwala

III. Panuto: Tingnan ang bawat larawan. Isulat sa patlang kung ito ay KM kung KULTURANG MATERYAL at KDM naman kung KULTURANG DI-MATERYAL.



_____ 26. Bahay kubo



_____ 27. Pagdiriwang ng pista



_____ 28. Pagdarasal



_____ 29. Palayok



_____ 30. Barong Tagalog



_____ 31. Wikang Filipino



_____ 32. Basket



_____ 33. Pagmamahalan



_____ 34. Lechon Baboy



_____ 35. Pagmamano

IV. Panuto: Gumuhit ng isang halimbawa ng kulturang materyal at isang halimbawa ng kulturang di-materyal sa loob ng kahon. Kulayan ang iyong mga guhit. (36-40.)

Rubrik sa Pagmamarka (5 Puntos)

Pamantayan	Puntos
Tamang halimbawa ng kulturang materyal at di-materyal	2
Kaayusan at kalinisan ng guhit	1
Pagkamalikhain at pagkulay	1
Pagsunod sa panuto	1
Kabuuan	5

**"Trust in the Lord with all your heart, and lean not on your own understanding."
Proverbs 3:5**

God Bless.... Teacher Leah